Tagalog

# Pasteurized Donor Human Milk para sa iyong Sanggol

**Pasteurized Donor Human Milk for Your Baby**

## Bakit kukuha ng pasteurized donor human milk? Why pasteurized donor human milk?

Ang iyong sariling gatas ay ang pinakamabuti para sa iyong sanggol. Kapag ang iyong gatas ay hindi available o hindi sapat ang gatas na nagagawa mo, ang pasteurized donor human milk (o donor milk) mula sa isang reguladong milk bank ay ang susunod na pinakamainam. Ang donor milk ay nagbibigay ng marami sa mga benepisyo na nakikita sa iyong sariling gatas.

Pinakamainam na ipagpatuloy mong pagsikapang dagdagan ang iyong supply ng gatas mula sa suso habang ang iyong sanggol ay binibigyan ng donor milk dahil ang iyong sariling gatas ay ang laging pinakamainam.

Sa British Columbia (BC), ang donor milk ay available sa mga sanggol sa pamamagitan ng BC Women's Milk Bank. Sinusunod ng Milk Bank ang guidelines mula sa Human Milk Banking Association of North America para masigurado na ang produktong inilalaan ay ang pinakaligtas na produktong maaari. Ang mga donor ay sinusuri para sa mga alalahanin sa kalusugan na maaaring maipasa sa iyong sanggol.

> Mangyaring kausapin ang health care team ng iyong sanggol kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa paggamit ng donor milk.
>
> Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang: Feeding Baby When Supplementing is needed. [Pag-feed sa Sanggol Kapag nangangailangan ng Supplement].

## Milk Donors and Donor Milk

Ang Milk Bank donors ay nagvo-volunteer para ibigay nila ang kanilang gatas. Ang mga táong nasa mabuting kalusugan at nagpapasuso, na hindi naninigarilyo at may healthy lifestyle, ang siya lamang tinatanggap na mga donor.

Ang mga donor ay pinipili batay sa:

- Kanilang mga sagot sa mga tanong tungkol sa kanilang kalusugan at lifestyle.
- Impormasyon mula sa kanilang family doctor tungkol sa kanilang kalusugan.
- Ang mga resulta ng kanilang blood tests na nagkokompirma na wala silang alinman sa mga sakit na ito:
  - Human Immunodeficiency Virus (HIV)
  - Human T-Lymphotrophic Virus na may kinalaman sa HIV (HTLV)
  - Syphilis
  - Hepatitis.

Ang donor milk ay tine-test bago at pagkatapos na-heat treat (pasteurized) para masiguradong ito'y ligtas.

Ang donor milk ay isang bodily fluid. Bagamat walang mga nalalamang kaso, may maliit na maliit na chance na maaaring maipasa ang isang impeksyon sa iyong sanggol sa pamamagitan ng donor milk at ang iyong sanggol ay maaaring magkasakit.

Bagamat ang mga donor ay ini-iscreen para malaman kung sila'y may healthy lifestyle, ang donor milk ay hindi tine-test para sa mga gamot o substances na maaaring maipasa sa mga sanggol sa pamamagitan ng donor milk.



Ang impormasyon na ito ay hindi kapalit ng payo na ibinigay sa iyo ng iyong health care provider.

Catalogue #268305 (October 2023) Tagalog
For more copies: patienteduc.fraserhealth.ca